OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 10-11-23 Time: 2:40

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-164

**"NAGBIBIGAY SUPORTA SA PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA HUMIHILING SA PHILIPPINE AMUSEMENT AND GAMING CORPORATION (PAGCOR) NG DALAWANG BAGONG SCHOOL BUILDING PARA SA BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPUNG MILYONG PISO (₱60,000,000.00)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Edukasyon**

---

**SAPAGKA'T,** sa kasalukuyan, ang Bustos Elementary School na nakadatal sa barangay Poblacion ay nakakaranas na ng maraming bilang ng estudyante mula sa barangay Tanawan;

**SAPAGKA'T,** nilalayon ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan na makapagpatayo ng eskwelahan sa barangay Tanawan na higit na pakikinabangan ng mga estudyante sa nasabing barangay;

**SAPAGKA'T,** ang kahilingan ng Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, ay nararapat na lakipan ng naaayong kapasiyahan upang makapagpatayo ng silid-aralan sa plano ng kahilingan upang mapabuti ang kinabukasan ng mga mag-aaral sa bayan ng Bustos.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. MARIE NIÑA NIKKIE PEREZ, MA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang suporta ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan na humihiling sa Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) ng dalawang bagong school building para sa Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan na nagkakahalaga ng Animnapung Milyong Piso (₱60,000,000.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-2 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa covered court ng Camachilihan, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim